Enero 2011

PRAYMER

PAMBANSANG KALAGAYAN

Mga Pangakong Napako

Umasa ng malaki ang mamamayan sa pagluklok sa kapangyarihan ng bagong administrasyon ni Pangulong Noynoy Aquino. Nirehistro nito ang matinding pagkamuhi sa itinakwil na gubyerno ni Arroyo at sa mga patakaran nitong nagdulot ng labis na kahirapan at paghihikahos ng bayan. Ipinangako ni Aquino na hindi lamang kabaliktaran kundi titiyakin ang matuwid na landas sa pamamahala ng gubyerno. Sumumpa itong papawiin ang kahirapan at korapsyon sa ilalim ng kanyang panunungkulan.

IBON
Foundation, Inc

IBON Center
114 Timog Avenue,
Quezon City,
P.O. Box 1172,
Quezon City
Central Office,
1151 Quezon City
Tels. 927 7060 to 62
Fax 929 2496
E-mail: perc@ibon.org

Pero anim na buwan ang nakalipas, patuloy pa ring naghihintay ang mamamayan ng kaganapan sa mga pangakong ito. Patuloy ang pagtindi ng paghihikahos ng mamamayan, lalong lumalala ang kriminalidad at ligalig sa lipunan. Hindi pa rin nananagot ang rehimeng Arroyo at patuloy pa ring nasa gubyerno ang mga korap at lumustay sa pera ng bayan. Binabagabag pa rin ang lipunan ng kawalang trabaho, dumadausdos na kita, papaliit na serbisyong panlipunan at kawalang katiyakan sa buhay.

Mas masahol pa, sa halip na baliktarin, ang malaking bahagi ng pagugubyerno at maging ang mga upisyal sa administrasyong Arroyo ay nagpapatuloy sa ilalim ng gubyernong Aquino. Unti-unting nahuhubdan ang mga palamuti at nalalantad ang gimik. Dahan-dahang naging bahaw at walang kahulugan ang mga mapanlinlang nitong islogan.

1 May nagbago ba sa kalagayan ng mamamayan sa ilalim ng bagong gubyerno?

Kung may ituturing mang pinakamahirap hanapin sa Pilipinas ngayon, tiyak na mangunguna sa listahan ang trabaho. Paksain ito nang mga nagkakasalubong na magkakilala, nang magkaklase – Saan ka na nagtatrabaho ngayon? Nakahanap ka na ba? Kontraktwal ka pa rin? Nag-aaplay ka pa rin?

Naganap sa nakaraang dekada (2001-2010), ang pinakamalalang kawalan ng trabaho sa kasaysayan ng bansa. Subalit sa kabila ng mga boladas ng bagong administrasyon, nagpapatuloy at walang palatandaan ng pag-inam ang kawalan at kakulangan sa hanapbuhay na dinaranas ng mamamayan. Ito ay habang nagaganap ang diumano'y kagilagilalas na paglago sa ekonomya.

Sa kabila ng 7.5% na paglago sa gross domestic product (GDP) ng bansa sa unang siyam na buwan ng 2010, tumaas lamang ng katiting na 2.8% ang bilang ng nadagdag na trabaho. Ibig sabihin nito ay mga 929,000 dagdag na trabahong sahuran na kulang pa sa 986,000 na bagong dagdag sa pwersang paggawa kung kaya lalo pang lomobo ang dati nang 4.4 milyong walang trabaho. Masahol pa, kalakhan ng mga ito ay sa mga sektor ng pinakamababa ang sahod tulad ng pagmamanupaktura, construction at kalakalan.

Sa agrikultura, mahigit 72,000 ang nawalang trabaho dahil sa pag-impis nito. Nakababahala ito hindi lamang dahil sa napakababa na nga ng karaniwang bayad sa manggagawang-bukid sa sektor na ito kundi mas pa dahil sa malaking porsyento ng populasyon ay nakaasa sa agrikultura. Palatandaan ito ng patuloy na paglala ng kahirapan sa kanayunan.

Lalong nakababahala ang katangian ng mga walang trabaho. Siyam sa sampung walang trabaho (86.4%) ay mga high school graduate at nakapag-aral ng kolehiyo. Kalahati (51.1%) ay nasa 15-24 edad o nasa kasibulan ng kanilang kakayahan sa paggawa. Pero sa datos na ito, makikitang hindi kawalan ng edukasyon at kakayahan (job-skills mismatch) ang problema sa krisis sa trabaho. Mas ang dahilan pa ay ang kawalang kakayahan ng ekonomya na magpasulpot ng sapat na trabaho at oportunidad.

Kaya naman, pwersado pa ring mag-abroad ang karamihan. Ayon sa Philipine Overseas Employment Administration (POEA), umabot sa 805,422 ang narehistrong land and sea-based deployment noong unang hati ng taon. Ibig sabihin ay mahigit 4,413 ang deployment araw-araw na mas malaki sa 3,897 noong 2009. Ang “diaspora” na nagaganap ngayon ay hindi na nga paghahanap ng mas magandang trabaho kundi paghahanap na lamang ng trabaho. Sa mga pag-aaral, sinasabi pang napakaliit na lamang ng aktwal na ganansya ng mga migranteng manggagawa kung ibabawas dito ang gastusin sa pangingibang bayan at ang mataas ding halaga ng pamumuhay sa ibang bansa. Pero ang pinakamatindi nito ay ang pagkawalay sa pamilya, kaibigan at bansa na nagreresulta naman ng malalang problemang panlipunan.

Habang walang trabaho o mababa ang kita ng karamihan sa may trabaho, mataas ang presyo ng mga batayang bilihin. Hindi ito naampat man lang kahit na lumalago diumano ang ekonomya. Sa datos mismo ng gubyerno (Preliminary 2009 Family Income and Expenditure Survey o FIES) , kinukumpirma nito na walang gaanong ipinagbago ang kita ng mga Pilipino. Ayon sa survey, 70% ng populasyon (64.6 milyon) ang nabubuhay o pinagkakasya para mabuhay sa halagang P104 o mababa pa rito kada araw. May mga pinakamahihirap pang nagkakasya sa P22, P35, P45, P55, P67 o mas mababa pa sa P104.

Sa kabilang banda, nakagagalit naman ang datos na inilabas ng Forbes Asia hinggil sa pinakamayayamang Pilipino. Ayon dito, ang netong yaman ng 25 pinakamayamang Pilipino ay aabot sa US$21.4 bilyon (mahigit isang trilyong piso). Katumbas na ito ng pinagsamang kita ng pinakamahirap na 55.4 milyong Pilipino. Lumaki din ang yaman ng 25 pinakamayamang Pilipino mula sa dating report na US$15.2 bilyon noong 2006 ng Forbes Asia rin.

Isa sa mga dahilan ng mababang kita ng mamamayan ay ang mababang pasahod. Kaya nga ang usapin sa batas sa minimum na pasahod ay usapin kung paano itinataguyod ng gubyerno ang kapakanan ng mga manggagawa. Kung dito susukatin ang gubyerno, lagpak ang grado nito. Napakaliit kung meron ang pagtaas sa minimum na pasahod at kung tutuusin wala itong gaanong kabuluhan dahil mas maliit pa nga ito kung ihahambing sa itinaas naman ng presyo ng bilihin at halaga ng pamumuhay. Halimbawa sa National Capital Region (NCR), kung ikukunsidera ang implasyon, halos hindi nagbago ang minimum na pasahod na may P5 dagdag lamang mula 2001 hanggang 2010. Nitong 2010, tinatayang P242.35 lamang ang tunay na halaga (real wage) ng minimum nominal wage sa NCR na P404.

Napakahirap nitong pagkasyahin kahit na dalawa pa ang minimum wage earner sa isang pamilya. Sa pagtataya ng IBON, aabot sa P983 kada araw ang kinakailangan para mabuhay ng maayos ang isang pamilya sa NCR. Ibig sabihin, ang nominal na pasahod sa NCR ay hindi pa nga nangangalahati sa halagang kailangan ng pamilya. Kayang-kaya at kagyat na kinakailangan sanang aksyunan ng bagong gubyerno ang batas sa minimum na pasahod. Pero tila wala sa mga pangunahing agenda ng gubyernong Aquino ang usaping ito.

Hindi pa rin nadadagdagan ang pagkain sa mesa. Sa ilang kaso, pati yung mesa ay wala na rin. Lalo pang tumitindi ang kahirapan at papalaki ang bilang ng mamamayang nakararanas ng gutom. May lumabas ding pag-aaral na aabot sa 3.4 milyong Pilipino ang nagugutom nitong huling kwarto ng 2010. Halos kalahati ng populasyon (46 milyon) ay kulang na kulang sa nutrisyon.

Pero sa pagpasok ng bagong taon, sinalubong ang mamamayan ng mga balita sa panibagong pagtaas sa pamasahe hindi lamang dahil sa pagtaas ng presyo ng langis. Idagdag pa dito ang pagtaas ng toll fees na ipapasa din naman

sa mga pasahero. Ang serbisyo publikong MRT/LRT ay magtataas din ng singil dahil sa binawasang badyet dito ng gubyernong Aquino. Tataas ng ilang piso ang presyo ng pandesal at tinapay. Aasahan din ang sunod-sunod na pagtaas ng mga iba pang bilihin. Kung pagbabatayan ang mga hindi magagandang balitang ito sa unang mga linggo ng 2011, tiyak na lalo pang sasama ang kabuhayan ng mamamayan.

2 Saan galing at saan napunta ang 'paglago' ng ekonomya ng bansa?

Sabihin pa, anumang pagbabando ng gubyernong Aquino sa mga datos ng paglago ng ekonomya ay hindi nararamdaman ng mamamayan. Para sa mga anakpawis, walang kabuluhang pagtaas ang sinasabing 7.5 % GDP growth rate sa unang tatlong kwarto ng 2010.

Kung tutuusin ang GDP bilang panukat sa ekonomya ay sinasabi ng iba na limitado at hindi aktwal na nagpapakita ng totoong kalagayan ng ekonomya. Hindi nito ipinapakita kung paano napapakinabangan ang mga paglago sa ekonomya. Ang katotohanan ay napapakinabangan lamang ng napakaliit na bahagi ng lipunan ang sinasabing paglago ng ekonomya. Mga naghaharing uri at mga may-ari ng gamit sa produksyon ang tanging nakikinabang sa pagsasamantala sa lakas-paggawa ng malawak na populasyong anakpawis.

Magkagayunman, masisilip na rin ang ilang katotohanan sa mga datos sa GDP growth rates. Halimbawa, makikita na nanatiling impis ang sektor ng agrikultura na pinagkukunan ng kabuhayan ng mayorya sa populasyon. Umimpis pa itong lalo ng 2.8% nitong ikatlong kwarto (at katunaya'y tatlong kwartong magkakasunod na itong negatibo). Lumago ang sektor ng industriya pangunahin sa pagsigla ng mga aktibidad sa pagmamanupaktura at kalakalan. Pero kung ikukumpara ang mga paglago sa sektor ng industriya sa loob ng siyam na buwan ngayon, makikitang pabagal ang tunguhin nito. Halimbawa, sa pagmamanupaktura, 20.4% sa unang kwarto, 12.7% sa ikalawa at 9.3% na lamang nitong ikatlong kwarto ang paglago nito. Bumagal din sa ikatlong kwarto ang paglago ng sabsektor ng kalakalan. Malalaking paglago naman ang makikita sa sabsektor ng mining at quarrying na dambuhalang tubo ang nililimas ng mga

kalakhan ay dayuhang korporasyon at maging sa konstruksyon bunga marahil ng mga proyektong pangrehabilitasyon dahil sa mga kalamidad noong 2009 at 2010.

Subalit manipis at ampaw ang mga batayan ng paglagong ito. Una, nagmula ang ekonomya sa matumal at mabagal na paggalaw nitong 2009 bunsod ng pandaigdigang krisis pang-ekonomya (*base effect*). Mahalagang ikunsidera din na ang 2010 ay taon ng pambansang halalan kung kaya maraming sabsektor sa pagmamanupaktura mula sa papel at iba pa ang may di-pangkaraniwang sigla sa mga panahong ito. Tumaas din ang gastusin ng gubyerno sa unang semestre dahil sa rekonstruksyon matapos ang Ondoy at Pepeng.

Pero lahat ng ito ay hindi maaasahan ngayong 2011. Una, walang gaganaping eleksyon ngayong taon. Pangalawa, inaasahan batay na rin sa inaprubahang badyet ngayong 2011 ng gubyernong Aquino at sa mga pahayag nito na ito ay isang badyet ng "pagtitipid". Delikado rin ang labis na pag-asa ng ekonomya sa remitans ng migrante lalo pa't apektado rin ito ng lumalalang krisis sa buong daigdig. Bagamat tumataas ang deployment ay bumababa naman ang halaga ng remitans na naipadadala ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Maging ang mga call center o BPO ay nananatiling maliit na bahagi ng ekonomya at bumabagal pa ang paglago, dahil muli sa pandaigdigang krisis.

Samantala, hindi naaampat at patuloy sa pagtindi ang krisis ng pandaigdigang ekonomya, na katatangian ng paglaki ng utang at pagtindi ng kawalan ng trabaho sa mga kapitalistang bansa.

Ayon mismo sa World Bank, inaasahang babagal pa ang pandaigdigang ekonomya sa 2011 at 2012. Dahil sa mga pagsalba ng mga gubyerno ng mayayamang bansa sa kanilang mga TNC ay nahaharap sila ngayon sa lumalaking public debt at depisito sa badyet. Halos wala ring nalilikhang trabaho. Sa US, 84.3% ng kanilang GDP ang laki ng kanilang public debt at 9.3% ng kanilang lakas paggawa ay walang trabaho.

Pero dahil sa labis na nakasandig ang ekonomya ng bansa sa pandaigdigang ekonomya, bulnerable ang lokal na ekonomya sa mga *aftershocks* ng pandaigdigang krisis. Ang krisis sa sobrang produksyon sa mga kapitalistang ekonomya tulad ng US ay naipapasa ng imperyalista sa mga kolonya at malakolonyang bansa sa pamamagitan ng mga patakarang globalisasyon na

ipinapatupad ng mga internasyunal na institusyong pampinansya tulad ng World Bank, organisang pangkalakalan tulad ng World Trade Organization (WTO), mga bilateral na kasunduan tulad ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) at iba pang instrumento ng monopolyo kapitalista.

Sa Pilipinas, ang pundamental na depekto ng malapyudal at malakolonyal na ekonomya ay lalo pang tumindi nang ipatupad ng mga nakaraang administrasyon ang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon sa ekonomya ng bansa. Subalit, sa kabila ng idinulot nitong pagkawasak ng ekonomya ng bansa at pagkondena ng mamamayan sa mga patakaran ng nakaraang rehimen, walang pagbabago sa ilalim ng gubyernong Aquino bagkus ay ipinagpapatuloy pa ang mga anti-mamamayang patakarang ito.

Kaya naman patuloy na naglalaho ang lokal na industriya. Ang manupaktura ay dominado pa rin ng mga dayuhang korporasyon na siyang tumatabo sa 71.1% ng kabuuang kita sa pagmamanupatura at may kontrol sa 84.1% ng naaprobahang bagong pamumuhunan sa unang siyang na buwan ng 2010. Pero kalakhan ng pagmamanupaktura ay diskonektado sa lokal na ekonomiya. Kalakhan dito ay tagasuplay ng mga low-value added na produkto sa pandaigdigang produksyon.

Patuloy ang pagdausdos ng agrikultura ng bansa. Nasa bingit ng panganib ang produksyon at seguridad sa pagkain ng bansa dahil maraming produktong pagkain ay imported. Isang kadahilanan ng lumiliit na bahagi ng sektor sa kabuuang output ng ekonomya ang tumataas na importasyon ng mga batayang produkto gaya ng bigas, bawang, sibuyas, karne, manok at iba pa. Kaya naman, ilang doble na ang inilaki ng depisito at pagkalugi sa kalakalang agrikultural habang patuloy namang pinapatay ang produksyon ng mga magsasaka dulot ng tagibang na kumpetisyon.

Totoong may paglago sa ekonomya pero ito ay pinakikinabangan ng iilan. Ang paglago sa ekonomya nitong 2010 ay hindi nakalikha ng trabaho, at pinasisinungalingan ang adelantadong kontensyon ng rehimeng Aquino na umuusad ang kabuhayan ng mamamayan dahil sa paglago ng ekonomiya.

Habang bumabagsak ang kabuhayan ng mamamayan, patuloy na lumalaki ang tubo ng mga dayuhan at lokal na malalaking korporasyon sa bansa. Lumalaki rin at nakakaiskandalo pa nga ang sobrang pagyaman ng ilang prominenteng indibidwal ng isang naghihikahos na bansa.

Ang netong tubo ng mga korporasyong nasa top 1,000 ay patuloy na tumataas sa pangkalahatan mula 2001 bagamat may pansamantalang paghina ito noong 2008. Ang pinagsama nilang annual net income na P756 bilyon noong 2009 ay mahigit anim na doble ang laki sa P16.4 bilyon noong 2001. Mahalagang ikumpara ito sa minimum na pasahod ng mga manggagawa na bahagya nang tumaas at halos hindi nga umusad kung pagbabatayan ang tunay na halaga nito.

Patuloy ang paglaki ng tubo ng malalaking korporasyon. Sa ulat ng Philippine Stock Exchange (PSE), tumaas ng 20.1% ang tubo ng mga 251 nakalistang negosyo sa unang semestre ng 2010. Umaabot ito sa P232.2 bilyon kumpara sa P193.4 bilyon noong nakaraang taon. Pinakamalaki ang kinita ng mga establisimyento sa pagmimina at langis (275% na pagtaas), pananalapi (27%) at mga ari-arian o property (25%).

Samantala, may katono ring pagtatasa ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP). Halos malaki pa ang tubo sa mga usurero ng mga malalaking bangko nitong nakarang taon. Ayon sa BSP, ang pinagsamang tubo ng mga *universal* at *commercial banks* ay tumaas ng 30% sa unang siyam na buwan ng 2010.

Tunay ngang maliligaya ang araw ng dayuhan at lokal na malalaking negosyo at bangko sa Pilipinas. Samantala, hindi maitaas ang sahod ng mga manggagawa dahil baka raw magipit at mawalan ng ganang magnegosyo ang mga dayuhang mamumuhunan. Hindi naman daw maipatupad ang repormang agraryo dahil sa mga limitasyon ng batas na sila din naman ang gumawa. Pati sa katwiran, wala ring nagbago.

3 Ano ang tugon ng gubyernong Aquino sa kahirapan ng mamamayan at sa krisis pang-ekonomya ng bansa?

Sa esensya, ang mga programa ng gubyernong Aquino ay pagpapatuloy ng patakarang globalisasyon ng gubyernong Arroyo. Target ng gubyernong Aquino na magkaroon ng paglago sa ekonomya sa pamamagitan ng mga proyektong pang-imprastraktura na pangunahing popondohan sa pamamagitan ng tinatawag nitong Public-Private Partnerships (PPPs) at pangunahing lalahukan ng mga dayuhan at lokal na mamumuhunan. Samantala, para daw matugunan ang kahirapan, inilalako nito ang mga programa sa panlipunang proteksyon kagaya ng pinapauso ng World Bank na Conditional Cash Transfer (CCT) program.

Mapapansing susi sa istratehiyang ito ang pondong magmumula sa labas ng bansa. Kaya naman tungo dito, nililikha ng gubyerno ang lahat ng paraan, insentibo, pag-alis ng mga regulasyon at balakid para maakit ang pagpasok ng dayuhang pamumuhunan. Katunayan, ang mismong Medium Term Philippine Development Program (MTPDP) 2011-2016 ng gubyerno ay nakasentro at nakabatay sa dayuhang pamumuhunan.

Ang iskemang PPP ay halimbawa ng labis na pagsandig ng gubyernong Aquino sa dayuhang kapital. Mangangahulugan ito ng mas matinding pribatisasyon at pagkukumahog na makakuha ng dayuhang investor kahit sa ikalulugi ng kabang yaman ng bayan. Sasaklawin ang mga sektor ng kalusugan, edukasyon at pabahay, agri-business, pagmimina, turismo, BPOs, electronics at imprastraktura. Para maakit ang mga foreign investor, ginagarantiyahan ng gubyerno ang walang balakid na pagnenegosyo tulad ng pag-alis sa mga regulasyon o anumang makakapagbigay-panganib sa negosyo ng mga dayuhan. Bahagi ng garantiya ng gubyerno sa PPP na sakali mang may mga pagpigil sa pagtataas ng singil, o may desisyon ang korte kaugnay nito, o may bagong batas na makapipigil sa “pagrekober” ng kanilang puhunan, ang gubyerno (at kabangyaman ng bayan) ang magpupuno.

Ayon sa gubyerno, sa pamamagitan ng PPP, makakapagpatayo ng mga imprastraktura at negosyo nang may minimal na gastos ang gubyerno. Pero ang hindi sinasabi ng gubyerno, sa esensya, inililipat nito sa mga pribadong interes

ang mga serbisyong dapat sana ay ito ang nagkakaloob. Sa pribadong kamay, ang serbisyo ay napapalitan ng layunin ng pagtubo.

Katunayan, ito na nga itinuturong aral ng mga usapin sa pagtataas ng toll fees ng South/North Luzon Expressway/SCTEx (SLEX-NLEX-SCTEx) na diumano ay naghahangad lamang kumita at irekober ang pribadong kapital pero ang pinipiga ay ang wala namang kinikitang mamamayan. Ganito rin ang nasa likod ng pagtataas ng pamasahe sa MRT/LRT na nalulugi raw at sinusubsidyuhan ito ng gubyerno. Pero di nga ba't ito ay transportasyong pampubliko at dapat lamang na gastusan ng gubyerno? At dapat nga'y ang mga mahahalagang imprastraktura ng transportasyon ay hindi lamang sa NCR kundi sa iba't ibang bahagi ng bansa?

Katulad ni Arroyo, pribatisasyon din ang programa ni Pangulong Aquino kahit nagdudumilat na ang bigong halimbawa ng mga nangyari sa pribatisasyon ng tubig at kuryente. Mula 1997, nang ma-pribatisa ang patubig sa NCR, ilang ulit nang nadoble ang singilin ng mga pribadong korporasyon sa tubig. Pagkatapos ng 10 taon ng Electric Power Industry Reform Act (EPIRA), ang halaga ng kuryente sa bansa ang naging pinakamahal sa buong Asya.

Ang PPP kung tutuusin ay isang programang papakinabangan lamang ng mga dayuhan at malalaking lokal na negosyo. Pero ang kahulugan nito ay paglaki ng utang ng bayan, pagkawala ng regulasyon at kita para sa bansa, at pagtaas ng singilin sa mamamayan.

Utang pa rin ang pagmumulan ng ipinagmamalaking proyekto ng gubyerno para daw sa mga mahihirap na Pilipino. Ito ay ang pagbigay ng 'social protection' diumano sa ilalim ng CCT na inilalako ng World Bank sa mga bansang kliyente nito. Pinondohan ng dayuhan at sinimulan sa ilalim ng gubyernong Arroyo ang proyektong diumano ay naglalayong magbigay ng salapi (cash) sa pinakamahihirap na sambahayan para maiangat ang kanilang kalusugan, nutrisyon at edukasyon ng kanilang mga anak. Ayon sa programa, bibigyan ng gubyerno ang mga mapipiling pamilya ng salapi sa kondisyong dadalo ang mga ito sa mga ipapatawag na pulong at pag-aaral, regular na magpapakonsulta sa mga health centers, papapasukin sa eskwela ang mga anak at iba pang kondisyon para makuha ang pera.

Ipinatupad ang konsepto ng CCT pangunahin sa pamamagitan ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Layon ng gubyernong Aquino na palawakin ang saklaw nito sa mahigit 2.3 milyong pinakamahirap na sambahayan sa 2011. Itinaas ang badyet para sa 4Ps, kung saan P21.2 bilyon ay para sa CCT. Pinopondohan ito ng utang mula sa World Bank at Asian Development Bank (ADB) na aabot sa US$1.01 bilyon o P44.3 bilyon sa kasalukuyang palitan.

Pero ngayon pa lang, marami na ang bumabatikos sa programang ito na sa pangkalahatan ay masasabing pampapogi at pang-estadistika lamang. Paano naman kasi ay hindi ito solusyon sa kahirapan dahil hindi nito sinasagot ang ugat ng maralitang kondisyon ng mga Pilipino. Lubhang malaki ang gagastusin ng proyekto na hindi naman pangmatagalan at lalong malaking problema pag tumagal dahil trabaho at hindi panandaliang tulong ang kailangan ng mamamayan. Wala ring sapat na imprastraktura para maipatupad ito laluna sa mga pinakamahihirap na bahagi ng bansa sa kanayunan kung saan wala namang health centers, iskwelahan at iba pang pasilidad para matupad ng mga benepisyaryo ang mga kondisyon sa CCT. Maaari pa ngang pagmulan ito ng katiwalian at hindi tiyak ang maayos na proseso. Ngayon pa lang, marami ang nagsasabing mas bahagi pa nga ito ng kontra-insurhensyang (counter insurgency) programa ng gubyerno dahil maaari ding gamitin bilang instrumentong propaganda ng militar habang nagsasagawa ito ng mga operasyon laban sa mga rebolusyonaryong grupo.

Pero ang malaking palaisipan sa programa ay ang kabalintunaan ng mga patakaran ng rehimeng Aquino na magbibigay ng 'social protection' sa pamamagitan ng CCTs, pero binabawasan naman ang badyet para sa serbisyong panlipunan na kailangang-kailangan ng mamamayan.

Hindi para sa mamamayan at serbisyong panlipunan ang badyet ng gubyernong Aquino. Lumaki ang alokasyon sa pambayad utang (P357.1 bilyon pambayad sa interes pa lamang) at gastusing militar (P105 B). Napakalaki ng inilaan para sa pork barrel ng mga upisyal ng gubyerno kabilang ang pork ng pangulo (P1 B). Samantala, kitang kita ang mababang prayoridad nito sa edukasyon (P272 B pero napakalaki ng tinapyas sa badyet ng state universities and colleges) at pabahay (P6 B). Binawasan pa nga ang kakarampot nang badyet sa kalusugan (P39 B) at may *budget cut* pa nga sa mga pangunahing

pampublikong ospital. Wala ring malaking badyet para sa repormang agraryo at agrikultura (P80 B lamang).

Samantala, patuloy na pinagpaplanuhan ng gubyerno ang mga bagong buwis na ipapataw dahil sa kakapusan sa badyet ng gubyerno. Pero habang nagdadagdag ng buwis, patuloy namang binabawasan ang buwis ng mga imported na produkto at dayuhang mamumuhunan bilang insentibo at pang-akit habang nakalulusot naman ang mga malalaking korporasyon sa pagbabayad ng buwis.

4 Matuwid nga ba ang daan ng gubyernong Aquino?

Hindi iilan ang napakamot na lamang ng ulo sa mga pangyayaring pampulitika ng 2010. Napalayas sa poder ang isang pangulong kapit-tuko sa kapangyarihan sa pamamagitan ng eleksyon na ilang beses nitong pinagtangkaang ipagpaliban sa pamamagitan ng Cha-cha. Pumalit sa kanyang poder ang isang dating tahimik na senador na ang naging daan sa popularidad ay ang taglay na mito ng kanyang apelyido.

Nahalal si Benigno Aquino III bilang pangulo kasabay ng mga pinaka-tradisyunal, elitista, pyudal at mga datihang pulitiko na naging katuwang ni Arroyo sa pagpapatupad ng mga patakarang nagpahirap sa mamamayan. Nakamit ni Noynoy Aquino ang popular na mandato sa pamamagitan ng impresyon at pangako ng matuwid na landas na kabaligtaran ng kinasusuklamang rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Sa sobrang galit sa rehimeng Arroyo, sa bisa ng eleksyong pinangunahan ng mga survey at marahil sa pamamagitan ng mga islogang nagpaniwala sa taumbayan, inihalal ng mamamayan at naluklok sa poder si Aquino. Ito ay sa kabila ng katotohanang nagmula ito sa angkang Cojuangco-Aquino na isa sa mga simbulo ng pyudal na kaayusan ng lipunang Pilipino. Pinanghawakan din ng mamamayan ang mga pangakong reporma ni Aquino kahimat wala naman itong kongkretong panukala at programa kung paano maisasagawa ang inilalakong pagbabago.

"Matuwid na landas", "Kung walang kurap, walang mahirap". Paulit-ulit itong bukambibig at hipnotikong kumuha ng atensyon ng mamamayan ang mga islogang ito. Ilang buwan matapos ang halalan, ang mga islogang ito ay tila nawawalan ng kahulugan at masahol pa nga, lumilitaw na ito ay pangkampanyang boladas lamang.

Anim na buwan na sa poder ang gubyernong Aquino pero wala pa ring nababanaag na katuparan sa mga pangakong tinipan nito sa mamamayan. Sa halip, ang mas lumilinaw ay ang nagpapatuloy na mga patakaran ng nakaraang rehimeng Macapagal-Arroyo na binibihisan lamang ng bagong palamuti at pinagtatakpan ng mga gimik at mga bahaw na islogan. Mala-teleserye nitong ginulantang ang mamamayan sa mga popular na isyu ng wangwang, hindi magastos na pagbyahe sa ibang bansa, mga pagbubunyag sa mga luho at katiwalian sa burukrasya sa ilalim ng dating pangulong Arroyo.

Pumostura itong magpopokus sa mga lantarang pang-aabuso sa kapangyarihan, mabuting pamahahala (good governance) at mga reporma. Ikinatuwa ito ng mamamayan hindi lamang dahil sa wakas ay napagtutuunan ang mga ganitong lantarang pang-aabuso sa kapangyarihan kundi pag-asam na simula ito ng mas seryosong repormang gagawin ng gubyerno. Pero lumipas ang anim na buwan nang walang nailatag na agenda sa tunay na reporma, kung pumostura man itong repormista. Lalo pa, walang nailatag na plano para sa mga pundamental na pagbabago.

Nagtapos ang taon nang mas masahol pa ang kabuhayan ng mamamayan. Unti-unting nalalantad ang mga boladas ng gubyerno at ang mga gimik ay hindi na umuubra para aliwin at magbigay-pag-asa sa taumbayan. Sa pagtatapos ng taon, unti-unting humupa ang ispontanyong suporta ng mamamayan sa gubyernong Aquino. Habang lumalaon, lumilinaw sa mamamayan na sa likod ng mga boladas at gimik ay isang gubyernong sa esensya ay walang ipinag-iba sa mga nakaraang rehimen.

Sa mga unang buwan, nalantad ang kawalang kahandaan, kahinaan at kaguluhan sa pamumuno sa iba't ibang mga krisis na humamon sa pamumuno ng bagong administrasyon. Nagturuan ang mga pangunahing pinuno ng bansa kung sino ang dapat managot sa madugong insidente ng pangho-hostage ng

isang upisyal ng pulis na ikinasawi ng walong turista. Naghugas kamay sila nang malantad ang pagkakasangkot ng ilang piniling upisyal ni Aquino sa panibagong iskandalo sa jueteng. Ilang beses na inulit ang mga unang Executive Orders (EOs) ng administrasyong Aquino dahil sa mga palpak na argumento at di-ayon sa batas na mga probisyon halimbawa ay ang EO sa Truth Commission at ang EO sa rebokasyon ng mga midnight appointments.

Walang kibo ang gubyernong Aquino sa mga isyung idinudulog ng mamamayan kahit na yaong dinadala sa mismong tarangkahan ng Malakanyang. Wala itong tugon sa kahilingang ng mga manggagawa para sa buhay-at-kamatayang dagdag sa minimum na pasahod. Pansamantalang nahinto ang demolisyon pero wala pa ring malinaw na programa sa pabahay. Lalong nakabibingi ang katahimikan ng administrasyong Aquino kapag pinag-uusapan ang pagpapatupad ng repormang agraryo laluna kapag binabanggit ang Hasyenda Luisita ng pamilyang Cojuangco-Aquino. Tila bang nagkasya na lamang ang pangulo sa pamumudmod ng mga *relief goods* sa mga nasalanta ng bagyo bilang kongkretong agad na tugon ng gubyerno sa hinaing ng mamamayan.

Sa loob ng palasyo, mala-asong nag-aagawan sa buto ng kapangyarihan ang iba't ibang paksyon sa loob mismo ng administrasyong Aquino. Bawat paksyon ay naghahangad na makamit ang pinakamalaking poder na papabor para sa kanilang pansariling interes. Tampok sa mga paksyon na ito ang pagbabangayan ng dalawang hati na ang ebidensya ay ang di-matapos na bangayan halimbawa sa mismong Communications Group ng pangulo. Ang totoo'y hindi lamang ito isyu ng dalawang pinuno sa iisang departamento kundi tunggalian ng dalawang pangkat sa loob ng dominanteng paksyon ng naghaharing uri.

Kanya-kanyang maniobra ang bawat pangkatin para makamit ang pinakamalaking impluwensya sa pangulo at makorner ang pinakamalaking pakinabang. Sinasabing ang pangkating Balay ay kinabibilangan nina Strategic Planning Secretary Ricky Carandang, Presidential Spokesperson Edwin Lacierda kasama ng mga pinuno ng Liberal Party at mga dating upisyal na tumiwalag sa gubyernong Arroyo at tinawag na Hyatt 10. Sa kabilang panig naman, ang Samar Group (mula sa kinaroroonan ng upisina ng mga nagtaguyod ng tambalang Aquino-Binay) ay binubuo nina Presidential Communication Secretary Herminio

Coloma, Executive Secretary Jojo Ochoa at Senador Chiz Escudero. Napaulat na kasama sa pangkating Samar sina House Speaker Sonny Belmonte, Defense Secretary Voltaire Gazmin, Energy Secretary Rene Almendras at maging ang kontrobersyal na Undersecretary ng DILG na si Rico Puno na isa rin sa mga kabarkada ng pangulo. Sa grupong ito nakasiksik ang Kamag-anak Inc., at Kabarkada Inc. Ang bagong pwesto ngang si Commission on Elections Commissioner Sixto Brillantes ay nakatagong pamato umano ng Samar Group.

Pamilyar na tanawin? Ganito rin kasi ang kwento ng mga kroni sa panahon ni Marcos. Ganito rin ang bangayan ng mga lasenggo at sugarol sa panahon ng administrasyong Estrada. Ito rin ang pulitika ng paghahatian ng pakinabang ng iba't ibang pangkat sa loob ng korap na gubyernong Arroyo. Napakaagang lumitaw ang sungay ng burukrata kapitalismo sa loob ng administrasyong Aquino.

Kapangyarihan at kapital din ang puhunan ng gubyernong Aquino para konsolidahin ang kanyang administrasyon. Hindi nalalayo sa mga nakaraang administrasyon, ang gubyernong diumano ay kontra-kurakot at nangangako ng mabuting pamamahala ay nagbubuo ng gubyerno sa pamamagitan ng elitista at pulitika ng patronahe. Makikita ito sa hatian ng pakinabang tulad sa ipinasang 2011 pambansang badyet ng gubyerno. Hindi lamang sa pinanatili kundi lalo pang pinalaki ang pork barrel o ang alokasyon para sa mga upisyal ng gubyerno. Sa 2011 national budget, naglaan ng P200 milyon sa bise-presidente, P300 milyon sa mga senador (mula sa dating P200 milyon), P120 milyon para sa mga kongresman (mula sa dating P70 milyon), at may dagdag pang P15 milyon para sa mga partikular na miyembro ng Commission on Appointment ng Kongreso. Bukod pa dito ang malaking pondong nakalaan para sa tanggapan ng pangulo ng bansa (P1 bilyon mula sa dating P800 milyon).

Tradisyonal na pulitika pa rin ang padron sa pagbubuo ng administrasyong Aquino. Saan man sukatin, walang matuwid sa landas na tinatahak nito ngayon.

5 May nagbago nga ba sa kalagayang pampulitika ng bansa sa ilalim ng bagong gubyerno?

Halos walang ipinag-iba ang tono at litanya ng gubyerno ni Arroyo at Aquino — — lumalago ang ekonomya at minimal ang epekto dito ng pandaigdigang krisis dahil sa matatag na pundasyon para sa pagsulong. Pero hindi tulad ni Arroyo, dagdag na tema ng propaganda ng bagong administrasyong Aquino ang diumano'y mabuting pamamahala na nakabatay sa matapat at masiglang partisipasyon ng mamamayan.

Tampok na elemento sa pamamahala ni Aquino ang papel ng mga sinasabing organisasyon ng mamamayan laluna yaong kabilang sa tinatawag na *civil society*. Ipinapaliwanag na mahalagang bahagi ng pagpapayabong ng demokrasya ang aktibong partisipasyon ng mga *non-government organizations* (NGOs) at *people's organizations* (POs) sa pagbubuo ng mga patakaran at programa ng pamahalaan, sa pagsubaybay sa implementasyon ng mga ito, sa paghatid ng mga batayang serbisyong panlipunan, at paglahok sa iba't ibang aspeto ng paggugubyerno. Ito ang itinutulak na balangkas ng mga pandaigdigang ahensya tulad ng United Nations (UN), World Bank, ADB at maging ng mga gubyerno ng mga imperyalistang bansa tulad ng United States (US).

Subalit sa Pilipinas, ang ilang seksyon ng civil society na aktibong naging kabahagi ng gubyerno ay nabigong magtulak ng mayor na reporma at pagbabago sa kalagayan ng mamamayan. Mula sa panahon ng rehimeng Cory Aquino hanggang sa kasalukuyan, naging palamuti lamang ng gubyerno ang mga civil society organizations (CSO). Masahol pa, marami sa mga ito ang mulat na nagpagamit sa gubyerno para magpanggap na 'kinatawan' ng taumbayan sa gubyerno at palabasing may bahagi ang mamamayan sa pagbubuo ng mga patakaran at programa ng gubyerno. Kumbaga sa pagawaan, ang ilang NGO at miyembro ng sinasabing civil society ay naging company union at pumasok sa mga sweetheart contract sa gubyerno.

Naging epektibong kasangkapan ng gubyerno ang ilang NGO sa civil society laluna ang ilang lider nito. Katunayan, ang kanilang pananatili sa gubyerno ng mga kumprador-burgesya at panginoong maylupa ay tumatabing sa

reaksyunaryong katangian nito. Nakapanlilinlang din ang paggamit ng mga ito ng mga animo'y progresibong panawagan at lengguwahe subalit ang totoo'y nagkakasya lamang sa mga maliliit na reporma na lalo pang nagpapabagal kundi man naglilihis mula sa pundamental na pagbabago sa lipunan. Mula noong administrasyong Cory Aquino, Ramos, Estrada at hanggang kay Arroyo, nagsilbi pang tagapagtanggol ang mga civil society organizations sa mga patakaran at programa ng gubyerno na nagluwal ng napakatinding kahirapan at panunupil sa mamamayan. Masasabi pa ngang sila ay salarin din at malaki ang pananagutan sa mga patakaran ng globalisasyon na ipinatupad ng mga gubyernong kanilang pinaglilingkuran.

Kapalit ng kanilang kolaborasyon sa gubyerno ay ang mga biyayang katulad ng gantimpalang nakukuha ng mga burukrata kapitalista. Ilan sa kanila ay nabibigyan ng pwesto sa gubyerno pero mas marami ang sumasahod ng malalaking pondo para diumano sa kanilang organisasyon. Hanggang ngayon ay hindi pa rin nananagot ang mga nakinabang at may kagagawan sa nabulgar na maanomalyang PEACE Bonds na sangkot ang ilang personahe at lider ng mga huwad na civil society organizations sa ilalim ng gubyernong Arroyo. Ilan pa nga sa kanila ay nasa poder naman ngayon ng administrasyong Aquino.

Lalo pang idiniin ng kasalukuyang gubyernong Aquino ang mapanlinlang na papel ng civil society. Sa isang banda, ang kanilang presensya sa gubyerno nito ay nagtatakip sa administrasyong hitik sa mga kinatawan ng malalaking negosyo, panginoong maylupa at dayuhang interes. Inaasahan ni Aquino na sa pagbibigay ng pwesto sa gubyerno ng ilang lider mula sa mga huwad na CSO ay mapapapurol nito ang progresibo at militanteng kilusan ng mamamayan.

Ito rin ang nasa likod ng mga programang itinutulak ng gubyernong Aquino bilang tugon sa kahirapan ng mamamayan tulad ng CCT at 4Ps na sa esensya ay makitid na tumutugon sa napakaliit na bilang ng mamamayan. Pero ang masahol ay mapanlinlang na solusyon ito sa kahirapang iniluluwal ng ipinagpapatuloy na patakaran ng globalisasyon. Sa bandang huli, mas lalo lamang nabubulid sa kahirapan ang mamamayan kahit na yaong mga nakinabang sa pamamagitan ng di-produktibong programang tulad ng 4Ps.

Pero lagpas sa mga progresibong lengguwahe at panawagan, tuluyang malalantad ang mga pagpapanggap ng mga civil society organizations dahil sa mga buhay-at-kamatayang isyu at usaping inihaharap ng taumbayan. Masusubok ang kanilang "progresibong paninindigan" sa usapin ng makatarungang sahod ng mga manggagawa, sa disenteng paninirahan ng maralita, sa tunay na repormang agraryo at pagtatanggol ng lokal na industriya. Maitutulak nga kaya nila ang gubyerno na mapagpasyang usigin ang mga lumimas sa kabang yaman ng bansa? O panagutin ang pulis at militar na pangunahing salarin sa mga paglabag sa karapatang pantao? Titindig kaya ang mga ito para sa soberanya ng bansa o magiging piping saksi at baka pa nga kasosyo ng mga dayuhan at naghaharing uri sa pandarambong sa yaman ng bansa at pagsasamantala sa mamamayang Pilipino.

Sa nakaraang anim na buwan at maging sa mga balakin ng gubyernong Aquino, malinaw ang sagot sa mga tanong na ito. Yaong mga nagpapanggap na nagtutulak ng reporma sa gubyerno ay naging bahagi na ng gubyerno ng mga naghaharing uri.

6 Nasaan ang mga pangako ng gubyernong Aquino?

Pangakong napako at pinaiikot lamang ng gubyernong Aquino ang mga tampok na isyung kagyat na kailangang harapin ng kanyang administrasyon. Tulad din ng ekonomya at kabuhayan, ang mga isyung pampulitika na ginamit nito upang masuyo ang mga botante ay isinasantabi o di kaya'y binabalutan ng mga boladas para pagtakpan ang katotohanang wala itong seryosong pagharap sa mga ito.

Pangunahing tinuntungan ng kampanya ni Aquino ang isyu ng korupsyon dahil batid nito ang pagkamuhi ng mamamayan sa lantarang pangungurakot ng pangkating Arroyo sa gubyerno. Napakahaba ng listahan ng mga iskandalo na kinasangkutan kahit ng mismong mga miyembro ng pamilyang Arroyo kaya naman kabilang ito sa mga pangunahing isyu ng pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo. Kaya naman, marami ang sumimpatya kay Aquno nang manawagan ito

ng kagyat na pag-usig at pagpapanagot kay Arroyo at sa mga kasapakat nito sa mga kaso ng malakihang pangungulimbat sa pondo ng gubyerno.

Pero wala ni katiting na pag-usad ang katuparan sa pangakong ito. Naudlot ang truth commission dahil sa palpak na EO na pinawalang bisa ng maka-Arroyong Korte Suprema. Nanatiling walang kasong isinampa kay Arroyo at sa mga alipures sa kabila ng mahabang listahan ng dokumento at ebidensyang nailatag na sa mga nakaraan pang imbestigasyon sa Mababang Kongreso at Senado. Bukod dito, walang imik na hinayaan nitong bumuhos ang napalaking pork barrel (P2.1 bilyon) sa distrito ni dating pangulong Arroyo habang sinasabing walang pera ang kabang-yaman ng bansa. Walang determinasyon, urong sulong at tila nagkakasya na lamang ang administrasyong Aquino sa pagbubulgar sa mga kaso ng katiwalian ng mga panggitnang burukrata habang pinalulusot ang mga pangunahing salarin tulad ng dating pangulong Arroyo at ang kanyang mga kasabwat.

Wala ring mapagpasyang aksyon ang gubyerno sa isyu ng mga pampulitikang pagpatay, panunupil at iba pang paglabag sa karapatang pantao. Todo iwas pa nga ang gubyerno na tumampok ang malaking pananagutan ng pulis, militar at ng gubyerno sa mga tahasang paglabag sa mga batayang karapatan ng mamamayan. Ito ay sa kabila ng napakamalaganap na pagpapahayag ng iba't ibang grupo sa loob at labas ng bansa ng pagkabahala sa kawalang aksyon ng gubyerno sa mga paglabag sa karapatang pantao sa bansa. Matatandaang kinondena ng United Nations, ng mga pandaigdigang simbahan at maging ng mga gubyerno ng ilang malalaking bansa ang walang patumanggang human rights violations laluna sa panahon ng pasistang gubyerno ni dating pangulong Arroyo. Ayon sa Karapatan, umabot sa 1,226 kaso ang naitalang pampulitikang pagpatay at may 208 ang pwersahang dinukot mula Enero 2001 hanggang Oktubre 2010. Sa pag-iimbestiga ng United Nations Special Rapporteur on Extra-Judicial Killings at ng iba pang grupong independyenteng nagsuri sa sitwasyon, napatunayan nitong ang mga pagpatay at pagdukot ay resulta ng mga counter-insurgency programs ng gubyerno tulad ng Oplan Bantay Laya.

Lalo pang lumubha ang mga paglabag sa karapatang pantao kahit na nagkaroon ng bagong gubyerno. Sa unang apat na buwan lamang ng administrasyong Aquino, 20 extra judicial killings (EJK) at dalawang kaso ng

pwersahang pagdukot ang naitala. Hindi pa kasama dito ang mga kaso ng tangkang pagpatay at pagdukot na napigilan dahil sa paglaban ng taumbayan. Hanggang ngayon, wala pa ring nananagot sa mga kasong ito at tulad ng mga nakaraang rehimen, pilit na naghuhugas ng kamay si Aquino.

Lalo pang nahalata ang kawalang sinseridad ng administrasyong Aquino sa karapatang pantao sa kaso ng 43 health workers na ilegal na hinuli habang nagsasagawa ng pagsasanay sa Morong, Rizal. Kinondena ng buong mundo ang di-makatwirang pagkulong sa Morong 43 at maging ang Secretary of Justice ng gubyernong Aquino ay nagsabing walang batayan at hindi makatarungan ang ginawa ng militar sa mga community health workers. Napilitan lamang ang gubyernong Aquino na palayain ang mga ito matapos ang magiting na paglaban ng Morong 43 na umani ng suporta mula sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa loob at labas ng bansa. Nakalaya man ang Morong 43, patuloy pa ring nakapiit sa iba't ibang kulungan at kampong militar ang mahigit 300 detenidong pulitikal sa ilalim ng gubyernong Aquino.

Tampok na isyung pampulitika din ang usapang pangkapayapaan na kabilang sa mga ibinando ni Aquino noong eleksyon. Nitong nakaraang taon, mas umigting ang pakikidigma ng mga rebolusyonaryong grupo batay sa mga namonitor na pagdalas ng mga engkwentro laluna sa pagitan ng militar ng gubyerno at ng mga gerilya ng New People's Army ng Communist Party of the Philippines (CPP-NPA). Sa mga pinakahuling pahayag ng CPP-NPA, tinataya nitong makamit sa loob ng limang taon ang mga rekisito para maabot ang tinatawag nitong yugto ng estratehikong pagkakapatas sa ilang dekada nitong digmang bayan. Samantala, bahagyang humupa subalit patuloy ang pakikibaka ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) para sa ipinaglalaban nitong pagsasariling gubyerno.

Malaking hakbang sa paghahanap ng kapayapaan ang mga naiulat na kagustuhan ng magkabilang panig na muling humarap sa usapang pangkapayapaan. Lalo pa nang maiulat sa mga pahayagan ang pagtanggap ng National Democratic Front (NDF) na kumakatawan sa mga rebolusyonaryong grupong kaalyado ng CPP-NPA ang mga bagong hirang na negosyador ng gubyernong Aquino. Para sa maraming mamamayan, malaking pagkakataon ang usapang pangkapayapaan para mapag-usapan ang mga pundamental na suliranin ng mamamayan. Marami ang umaasang papaksain sa usapang

pangkapayapaan hindi lamang ang usapin ng repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon kundi maging ang mga kagyat na isyu ng mamamayan tulad ng makatwirang pasahod, disenteng paninirahan at pagwawakas sa mga pyudal na pagsasamantala sa kanayunan.

Gayunman, marami ang nangangamba sa mga posibleng manabotahe para pigilan ang pag-usad ng usapang pangkapayapaan. Habang iginigiit ng NDF ang pagpapatupad at pagkilala sa mga nauna nang kasunduan sa mga nakaraang rehimen tulad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), patuloy na nanganganib ang usapan dahil ilan sa mga itinuturing ng NDF na kinatawan at konsultant ay hinuli o kaya'y pwersahang dinukot ng pinaghihinalaang mga militar. Bukod dito, ang nakatakdang agenda na pag-uusap tungkol sa mga repormang pang-ekonomya at panlipunan ay isinasantabi at nagtutulak ang ilang upisyal ng gubyerno ng mga usapang tumutungo sa mas mahabang tigil-putukan o pagsusuko ng armas ng mga rebolusyonaryo.

Samantala, hindi halos umuusad ang usapang pangkapayapaan ng gubyerno sa MILF. Bagamat nabuo na ang panel ng negosyador ng magkabilang panig, naantala ang muling pagbubukas ng negosasyon bunga ng paggigiit ng gubyernong Aquino na palitan ang isang upisyal na taga-Malaysia na tumatayong third party facilitator sa MILF-GRP peace talks.

Bagamat marami ang umaasa sa pagtatagumpay ng usapang pangkapayapaan, marami din ang hindi mapalagay sa katapatan ng gubyernong Aquino sa muling pagbubukas ng usapan. Hindi kasi ito mapagtugma sa idineklara nitong bagong programa ng gubyerno kontra-insurhensya. Tinawag na Oplan Bayanihan, halos wala itong pinag-iba sa Oplan Bantay Laya na kontra-insurhensyang programa sa ilalim ng gubyernong Arroyo at nagluwal ng maraming paglabag sa karapatang pantao. Ayon sa mga kritiko, ang Oplan Bayanihan ay pagpapatuloy ng militaristang pamamaraan ng Oplan Bantay Laya na pinalamutian lamang ng mga 'proyektong pangkaunlaran' kasabay ng operasyong militar.

7 Kanino naglilingkod ang gubyernong Aquino?

Isang kaibahan ng gubyernong Aquino sa mga sinundan nitong rehimen ay ang mas agresibo nitong pagsisikap na itransporma ang gubyerno bilang epektibong instrumento ng pagpapadaloy ng dambuhalang tubo para sa mga malalaking korporasyong dayuhan at mga lokal nitong kasosyo. Nilalayon ng gubyernong Aquino na gamitin ang rekurso at mga ari-arian ng estado para sa kapakinabangan ng dayuhan at malalaking lokal na negosyo. Sa ilalim ng administrasyong Aquino, lalo pang humigpit ang ugnayan at kontrol ng malaking negosyo at ng imperyalismo sa mga pampulitikang institusyon.

Binubuo ang kasalukuyang rehimen ng mga pinakakonserbatibo at sagadsagaring tagapagtaguyod ng globalisasyon at ng interes ng dayuhan at malaking negosyo. Malaking bilang pa nga sa mga ito ay mga dati nang tauhan ng mga nakaraang administrasyon nina Cory Aquino, Ramos, Estrada at maging ng pinalitang gubyerno ni Arroyo. Karamihan sa kanila ang pangunahing promotor ng globalisasyon at responsable sa matinding kahirapan ng mamamayan at pagkawasak ng ekonomya ng bansa.

Kitang-kita ang mahigpit na ugnayan ng malaking negosyo sa mga susing upisyal ng gubyernong Aquino. Halimbawa ay sina Finance Secretary Cesar Purisima mula sa SGV & Co./Ernst & Young; Trade Secretary Gregory Domingo na galing sa SM Investments Inc./Chase Manhattan Bank/Chemical Bank; Energy Secretary Jose Rene Almendras na dating upisyal sa Manila Water Company/ Aboitiz & Co.; Public Works Secretary Rogelio Singson na galing naman sa Maynilad Water Service; Transport and Communication Secretary Jose de Jesus mula sa Meralco; Tourism Secretary Alberto Lim na direktor ng Makati Business Club; at Planning Secretary Cayetano Paderanga na ang pangunahing trabaho ay *business consultancy* at dating upisyal ng Philippine Stock Exchange.

Ang pagpupwesto sa mga ito sa poder ay malakas na itinulak ng mga samahan ng malalaking lokal at dayuhang negosyante tulad ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI), Employers Confederation of the Philippines (ECOP), Management Association of the Philippines (MAP), Makati Business Club (MBC), Philippine Exporters Confederation (Philexport), at mga *foreign*

chambers of commerce, kung saan kabilang ang mga negosyanteng pangunahing nagpondo sa presidential campaign ni Aquino.

Hindi katakatakang tengang kawali ang gubyernong Aquino sa mga hinaing ng manggagawa at kawani para sa dagdag na pasahod, ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa, ng maralitang lungsod para sa disenteng tirahan at serbisyong panlipunan, at ng iba pang patuloy na dumaraming naghihikahos sa lipunan. Lahat ng mga kahilingang ito ng mamamayan ay sasalungat sa pangkalahatang interes ng lokal na naghaharing uri na malinaw na kinakatawan sa kasalukuyan ng pangkating Aquino.

Malinaw din ang pagsunod ni Aquino sa yapak ng dating matapat na tuta ng US na si Arroyo. Sa halip na igiit ang kasarinlan at proteksyunan ang lokal na ekonomya sa pandarambong ng dayuhan, lalo pang pinahigpit ni Aquino ang pakikipagtulungan sa US na may malinaw na pansariling interes pang-ekonomya at pampulitika-militar sa Pilipinas.

Pinalakas pang lalo ni Aquino ang malakolonyal na relasyon ng US at Pilipinas. Napakalaki ng pang-ekonomyang interes ng US sa bansa. Pinakamalaking dayuhang mamumuhunan ang US sa Pilipinas na tinatayang aabot sa US$2.9 bilyon o 24.4% ng dayuhang pamumuhunan mula 2001 hanggang 2009. Ang 50 pinakamalalaking korporasyong transnasyunal ng US sa bansa ay tumabo ng P4.5 bilyong tubo mula sa nabanggit na mga taon.

Susi din ang papel ng Pilipinas sa pangkalahatang istratehiyang militar ng US sa Asya-Pasipiko. Bilang tarangkahan sa kalakhang Asya, istratehiko ang lokasyon ng Pilipinas para paglunsaran ng mga digmang mapanalakay ng US sa anumang kalabang bansa sa Asya halimbawa North Korea o kaya ay China. Hindi nawawalan ng tropang militar ng US na papalit-palit na naka-deploy sa bansa sa pamamagitan ng mga military exercises o sa ilang pagkakataon ay bahagi ng operasyon ng lokal na pulis at militar laban sa mga armadong grupo. Naisasagawa ang ganitong deployment at panghihimasok ng tropang Amerikano sa bansa dahil sa Visiting Forces Agreement (VFA) at Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) na mga kasunduang pawang sinusuportahan ng administrasyong Aquino habang nirerebyu diumano nito ang VFA.

Tulad ng pinalitang rehimeng Arroyo, agad ding nagpakita ng katapatan ang gubyernong Aquino sa pagtalima sa mga programa ng imperyalismong US. Patuloy na isinasakatuparan ng gubyernong Arroyo ang pagnanais ng US na buksan ang ekonomya ng bansa sa pandarambong ng mga korporasyong transnasyunal nito. Hindi malayong sa ilalim ng administrasyon nito maisagawa ng US ang matagal na nitong itinutulak na pagbabago sa konstitusyon (Charter Change) para alisin ang mga legal na balakid sa malayang panghihimasok nito sa ekonomya at teritoryo ng bansa.

Tuwirang dinidirihe at sinusuportahan ng US ang kontra-insurhensyang istratehiya ng gubyerno ng Pilipinas laban sa mga rebolusyonaryong grupo. Katunayan, laman ng Oplan Bayanihan ang mga susing elemento ng inilalakong doktrina ng US sa counter-insurgency. Sa pamamagitan nito, ang militaristang pamamaraan ng pagdurog sa mga makabayan at anti-imperyalistang grupo ay binabalutan ng mga proyekto na pinopondohan ng mga ahensya ng imperyalismo tulad ng United States Agency for International Development (USAID).

Todo buhos ang pagtataguyod ng US sa gubyernong Aquino. Sa unang internasyunal na byahe, nagtungo sa US ang bagong pangulo at doo'y kinubra ang US$434 milyon mula sa Millenium Challenge Corporation (MCC) ng US para sa mga "proyektong pangkaunlaran" sa mga itinuturing na balwarte ng mga rebolusyonaryong grupo. Hinuhulma ng US ang gubyernong Aquino bilang isang diumano'y repormistang gubyerno na nagtataguyod ng istabilidad at ilang kosmetikong reporma upang mapigilan ang mas mapagpasyang pagbabagong panlipunan na hahamon sa paghahari ng imperyalismong US at lokal na naghaharing uri.

Sa bandang huli, lumilinaw na ang mga dahilan ng pagpisil ng US kay Noynoy Aquino bilang kanilang kabayo hindi pa man umaarangkada noon ang karera sa eleksyong presidensyal. Pinapatunayan sa kanila ng kanilang kabayo na hindi sila nagkamali sa kanilang pagtaya. Saanman timbangin, masugid at matapat ang gubyernong Aquino bilang tagapagtaguyod ng interes ng imperyalismong US at ng lokal na naghaharing uri ng kumprador-burgesya at panginoong maylupa. Kumbaga, wala na silang hahanapin pa sa isang tagapangasiwa para manatili ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

8 Ano ang mga hamon at dapat gawin ng mamamayang Pilipino?

Walang ibang aasahan ang mamamayan kundi ang sarili nitong lakas at kakayahan. Katunayan sa nakaraang anim na buwan, patuloy na nakibaka ang mamamayan upang igiit ang kanilang pang-ekonomya at pampulitikang karapatan.

Tumampok ang pakikibaka ng mga anakpawis tulak na rin ng matinding kahirapang iniluwal ng mga mapaminsalang patakaran ng pamahalaan. Halimbawa nito ay ang kampanyang Bungkalan na pinangunahan ng mga organisasyon ng mga magsasaka na kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Ang kampanyang Bungkalan ay nagluwal ng mga lupaing tineyk-ober ng mga magsasaka at sumaklaw sa mahigit 2,000 ektarya ng lupa sa Hacienda Luisita na natatamnan sa ngayon ng prutas at gulayan. Umabot din sa 1,381 ektarya ng lupa sa Negros ang kolektibong binungkal ng mga dating manggagawang bukid sa tubuhan.

Matagumpay din sa iba't ibang antas ang pakikibaka ng mga magbubukid na mapababa ang upa sa lupa, mabawasan kundi man mapawi ang usura, mapataas ang sahod ng mga manggagawang bukid at mapataas ang presyo ng mga produktong agrikultural. Lahat ng ito ay nakamit sa pamamagitan ng militansya at sama-samang pagkilos ng mga magsasaka at magbubukid.

Binuklod ang pakikibaka para sa makatwirang sahod at seguridad sa trabaho nang magsama-sama ang iba't ibang unyon ng manggagawa, organisasyon ng mga kawani ng pamahalaan, manggagawang pangkalusugan, migrante, guro, manggagawa sa agrikultura, maralitang lungsod at iba pang anakpawis. Nabuo noong Nobyembre 2010 ang Koalisyon ng Progresibong Manggagawa at Mamamayan (KPMM) para isulong ang pagtaas ng sahod ng mga pribado at pampublikong manggagawa. Sa kabila ng panggigipit at pandarahas, buong giting ding sumulong ang mga lokal na pakikibakang manggagawa para ipaglaban ang sahod, trabaho, karapatang mag-unyon at pagtutol sa kontraktwalisasyon tulad ng mga pakikibaka ng manggagawa sa Triumph, Advan, ABS-CBN, Philippine Airlines, sa Manila North Harbor at sa mga engklabo ng export processing zones.

Tuloy-tuloy ang naging pagkilos ng mga makabayang tsuper at operator laban sa di-makatarungang pagtaas sa produktong petrolyo ng mga ganid-sa-tubong kartel ng mga korporasyong transnasyunal.

Dramatikong ipinaglaban ng mga maralitang tsuper at operator ng sasakyang kuliglig sa Maynila ang ordinansa ng lokal na pamahalaan na ipagbawal ang ganitong sasakyan sa lungsod, pagkaitan ng kabuhayan gayong wala namang alternatibong ipinagkakaloob sa kanila. Buong giting ding pinigilan ng organisadong mamamayan sa North Triangle ang demolisyon sa kanilang komunidad para pagtayuan ng business district ng pamahalaang bayan ng Quezon City. Nag-organisa din para labanan ang demolisyon sa mga maralitang komunidad sa Tondo, Navotas, Pasig, Metro Baguio, Cebu at Davao.

Sa pagpasok ng taon, namumuo ang paglaban ng mamamayan sa nakaambang pagtaas ng pamasahe ng mga MRT at LRT habang tataas din ang gastos sa transportasyon bunga ng halos tripleng pagtaas ng toll fee sa SLEX at maging sa NLEX.

Kung may napatunayan man ang mamamayan, ito ang katotohanang nasa kanilang pakikibaka nakasalalay ang kanilang pag-asa at katuparan ng tunay na pagbabago.#